

CALIFORNIA PACIFIC MEDICAL CENTER
BALITA TUNGKOL SA BARGAINING

IKA-14 NG ABRIL, 2020

TUMULONG ANG NUHW NA MAKAMIT ANG KARAGDAGANG PAID TIME OFF PARA SA MGA CPMC CAREGIVER!

Ang mga sumusuporta sa NUHW sa gobyerno ng San Francisco ay nagpasa ng isang ordinansa na igagarantisado ang hanggang 80 oras na karagdagang paid leave dahil sa COVID-19 para sa mga manggagawa ng CPMC at iba pang mga malalaking employer sa lungsod na hindi kasama sa federal Families First Coronavirus Response Act!

Anong ibig sabihin nito para sa mga miyembro ng NUHW sa CPMC? Ang ibig sabihin nito ay magagamit mo ang 80 oras kung:

- Inabisuhan kayo ng health care provider na mag self-quarantine
- Mayroon kayong sintoma ng COVID-19, naghahanap ng medical diagnosis, at hindi kasali sa Patakaran ng CDC para sa kinakailangan para makabalik sa trabaho ang mga healthcare personnel na kumpirmado o suspektadong may COVID-19 ([cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/return-to-work.html](https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/return-to-work.html)).

Wala sa batas na makakapagpigil sa CPMC na payagan tayong gamitin itong bagong patakaran ng lungsod na paid leave para sa karagdagang rason kung bakit namin ito hiniling, tulad ng problema sa pagpapaalaga ng mga anak (childcare) o kamag-anak na may COVID-19, o sa pagbibigay sa atin ng karagdagang paid leave na ating dinedemanda.

Paano ko makakamit ang mga oras na ito?

Sa oras na epektibo ang batas na ito, makukuha ninyo ang mga oras na ito tulad ng pagkuha ninyo ng normal ninyong PTO. Kung noong ika-25 ng Pebrero ay full-time na kayo, pwede kayong makakuha ng 80 oras na paid public health emergency leave. Kung noong ika-25 ng Pebrero ay part time kayo, pwede kayong makakuha ng average ng oras na naka schedule kayo sa bawat dalawang linggo sa loob ng nakaraang anim na buwan. Kung nagsimula kayo mula ika-25 ng Pebrero, pwede kayong makakuha ng average ng oras na naka schedule kayo sa bawat dalawang linggo mula noon. **Kailangan lamang ninyong sabihin sa inyong lead/manager na nagre-request kayo ng emergency paid leave na kailangan nilang ibigay sa inyo ayon sa batas ng lungsod, at i-detalye ang bilang ng oras at mga petsa kung kailan ninyo ito kailangan.** Kung sila'y magkakaila, kausapin kaagad ang inyong steward o NUHW representatibo.

Ang 80 oras na emergency paid leave ay KARAGDAGAN SA ANUMANG DISASTER RELIEF PAY na makukuha ng mga miyembro ng NUHW sa CPMC. Pwede kayong makakuha ng disaster relief pay kung sumali kayo sa Labor Pool ngunit hindi makahanap ng trabaho para sa inyo ang management.

Ang nakakalungkot nito ay ang CEO ng Sutter na si Warren Browner ay sumali sa ibang mga employer upang manawagan sa mga opisyal ng lungsod na HUWAG kailanganing magbigay ang CPMC sa mga frontline worker ng ANUMANG karagdagang leave. Nilabanan ito ng mga steward at namumuno ng NUHW at nagwagi tayo!

Ngayon ay kailangan nating siguraduhing gawin ng CPMC ang tama kung pipiliin nilang gawin ANG MALI at hindi sila magbigay ng paid leave sa ilalim ng mga sitwasyong ito.



“Ang sinasabi ng CPMC ay mapagbigay na ang kanilang mga patakaran ukol sa time off, ngunit mula sa simula ng pandemic, pinipilit nilang kumbinsihin ang mga mambabatas na huwag tayong bigyan ng paid leave. Binasa ko ang sulat ni Warren Browner at karumal-dumal ito. Ipinagmamalaki ko ang pagiging miyembro ng NUHW, isang unyon na may matatag na relasyon sa mga hinalal na opisyal, at nakatuong panagutin ang mga masasama na tulad ng Sutter. Inaasahan ko ang patuloy na paglaban kasama ang aking ka-miyembro ng NUHW para magwaging makamit ang karagdagang proteksyon at bagong kontrata.”

— Kimberly Enos, Surgery Tech II, Van Ness Campus

NUHW NATIONAL UNION OF
HEALTHCARE WORKERS

NUHW.org/COVID-19

Ang buong San Francisco Board of Supervisors ay sumusuporta sa atin! Ang sulat sa baba ay kamakailang pinadala ng bawat miyembro ng board kay CPMC CEO Dr. Warren Browner.

Dear Dr. Browner:

Nawa kayo at ang inyong buong team ay malusog at kinakaya ang mahirap na panahon ng mabuti. Salamat ulit sa pagpapakita sa akin ng mga facilities matapos kong magsimula sa aking posisyon. Talagang mabilis at malaki ang mga pagababago mula ng panahon na iyon. Lalo na sa panahon ngayon para sa lungsod ng San Francisco, mahalaga at nagpapasalamat kami sa mga serbisyong naibibigay sa mga taga-San Francisco ng Sutter California Pacific Medical Center.

Kami dito sa Board of Supervisors sa City Hall ay malaking pag-aalala tungkol sa COVID-19, at ang kakayahan ng ating mga healthcare provider na mainam na tumugon sa krisis. Lahat kami ay nakatuong gawin ang lahat para masuportahan ang mga healthcare institution sa mahirap na panahong ito.

Nalaman namin na kamakailan ay nagsimula ang NUHW ng kanilang contract negotiation sa Sutter CPMC, at nag-propose sila ng isang taong “placeholder” na kontrata na may 3% na pagtaas sa sahod upang mabigyan ang Sutter CPMC at mga manggagawa na makatutok sa paglaban sa paglaganap ng COVID-19. Naniniwala kami na kailangan talagang maghanap ng paraan upang matulungan ang mga manggagawa at kanilang mga pamilya sa sama-sama nating patungo natin sa krisis na ito.

Ang pagpoprotekta sa mga healthcare worker ay nangungunang paraan bilang komunidad upang maprotektahan natin ang ating sarili at gawing limitado ang paglaganap ng virus. Ang mga aksyon ngayon ay hindi lamang makakaprotekta sa mga pasyente at staff ng Sutter, ngunit ito’y makakaprotekta din ng kalakihang komunidad ng Lungsod at County ng San Francisco.

Salamat sa iyong pag-gunita,

Mga miyembro ng San Francisco Board of Supervisors

Matt Haney, District 6

Dean Preston, District 5

Catherine Stefani, District 2

Rafael Mandelman, District 8

Sandra Lee Fewer, District 1

Shamann Walton, District 10

Gordon Mar, District 4

Hillary Ronen, District 9

Norman Yee, District 7

Aaron Peskin, District 3

Ahsha Safai, District 11

Oras na upang gawin ng CPMC management ang tama at pumayag sa short-term contract na magbibigay sa atin ng mabilisang pagtaas ng sweldo kapag natapos ang ating kasalukuyang kontrata!

NUHW NATIONAL UNION OF HEALTHCARE WORKERS